PAGPAPA-TEST SA COVID-19

ALAMIN ANG MGA KATOTOHANAN.

PINOPROTEKTAHAN NG PAGPAPA-TEST SA COVID-19 ANG KOMUNIDAD

Kahit ikaw pa ay bakunado, maaari kang mahawa ng COVID-19 at maaaring hindi ito alam dahil wala kang nararamdamang sakit. Kapag ikaw ay nagpa-test, pinoprotektahan mo ang iyong mga mahal sa buhay, ang komunidad at ang sarili.

Nagpapa-test ang mga tao bakunado man sila o hindi at may sakit o wala dahil pinapanatili nitong mas ligtas ang ating mga komunidad. Kahit sino ang maaring magpa-test, kabilang ang mga nasa gulang, bata at sanggol.

KAILAN MAGPAPA-TEST

- Kung mayroon kang mga sintomas
- Kung ikaw ay may nakasamang nag-positibo sa test
- Bago at matapos bumiyahe
- Bago at matapos kang nakisalamuha sa pagtitipon sa loob kasama ng maraming tao
- Kung kinakailangan ito sa iyong paaralan o trabaho

MGA SINTOMAS

- Lagnat
- Ubo
- Nahihirapang huminga
- Pagkapagod (kapagalan)
- Pananakit ng lalamunan
- Sipon o baradong ilong
- Pananakit ng kalamnan o pananakit ng katawan
- Pananakit ng ulo
- Pagsusuka o pagtatae
- Pagkawala ng panlasa o pang-amoy

Dahil ang mga sintomas ng COVID-19, trangkaso at pangkaraniwang sipon ay magkakatulad, ang tanging paraan upang malaman kung mayroon kang COVID ay ang pagpapa-test.

NRC-RIM
National Resource Center for Refugees, Immigrants, and Migrants

25 Jul 2022

Para sa karagdagang impormasyon: cdc.gov/coronavirus

SAAN MAGPAPA-TEST

Maraming lugar ang nag-aalok ng pagpapa-test

Maaari kang magpa-test sa tanggapan ng doktor, lugar ng pagpapa-test sa komunidad, trabaho, paaralan, o sa isang botika. Maraming botika rin ang nagbebenta ng mga pang-test na maari gawin sa bahay na magagawa mo nang mag-isa.

Ang pagpapa-test ay kumpidensyal.

Maaari kang magpa-test nang kumpidensyal anupaman ang iyong katayuan sa imigrasyon o kung mayroon o wala kang medikal na insurance o ID.

ANG PAGPAPA-TEST AY MABILIS AT LIGTAS

Mayroong maraming paraan sa pag-test



Ikaw o isang propesyunal sa pangangalagang pangkalusugan ay maaring kumuha ng sampol mula sa iyong ilong, lalamunan, o laway.

Ang ilang mga test ay may bayad at ang iba ay makukuha nang libre. Makipag-ugnayan sa iyong kagawaran ng kalusugan para sa karagdagang impormasyon.

Habang naghihintay ka ng mga resulta

Ang mga resulta ng ilang mga test ay nakukuha agad, at ang ibang mga test ay maaaring tatagal nang isang araw o higit pa.

Protektahan ang iba kung ikaw ay may sakit sa pamamagitan ng pagpapanatili sa bahay, pagsusuot ng mask, at pagpapanatili ng distansiya sa iba.

KUNG IKAW AY NAGPOSITIBO SA TEST

Ang pagpapanatili sa bahay mula sa trabaho, paaralan, o mga kaganapan kung ikaw ay nagpositibo sa test o anumang oras na ikaw ay may sakit ay isa sa pinakamahalagang mga bagay na maaari mong gawin upang protektahan ang iyong komunidad.

Alagaan ang iyong sarili sa pamamagitan ng pagpapahinga, pag-inom ng maraming tubig, at pagtawag sa doktor kung lalala ang iyong mga sintomas.

KUNG IKAW AY NAGNEGATIBO SA TEST

Patuloy na protektahan ang iyong sarili sa pamamagitan ng pagsuot ng mask, pagpapanatili ng distansiya sa iba, at pagpapanatili sa bahay kung ikaw ay may sakit.

Magpa-test muli kung hindi mawala ang iyong mga sintomas o kung kinakailangan upang matiyak na patuloy mong protektahan ang iyong komunidad.

Kung hindi ka pa bakunado o hindi pa nakapag-booster, magpabakuna kapag ikaw ay magaling na. Tanungin ang iyong doktor kung kailan ka maaaring magpabakuna.

Kung hindi ka pa bakunado, magpabakuna kaagad. Kung ikaw ay bakunado, tiyaking magpa-booster upang protektahan ang iyong sarili at ang iba.

PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI. PROTEKTAHAN ANG IYONG KOMUNIDAD. MAGPABAKUNA.